Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VII, Gitnang Visayas
**CITY SCHOOLS DIVISION- TAGBILARAN CITY**
Siyudad ng Tagbilaran

Pebrero 2, 2018

Pandibisyong Memorandum
Blg. 068 s, 2017

**PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP, KUMPERENSYA, AT PAKITANG-TURO 2018 NG DE LA SALLE UNIVERSITY-MANILA**

**Sa mga :** Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Alinsunod sa Advisory BLg. 022, s. 2018, ang De La Salle University-Manila ay magsasagawa ng Pambansang Seminar-Worksyap, Kumperensiya, at Pakitang-Turo 2018 na may temang Pedagohikang Kooperatibo, Interaktibo, at Outcomes-Based sa Wika at Panitikang Filipino mula Elementarya hanggang Kolehiyo mula Abril 25 hanggang 28, 2018 sa Yuchengco 407-409 sa De La Salle University, Taft Avenue, Lungsod ng Maynila.

2. Ang layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:
   a. Mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pedagohiyang kooperatibo, integratibo, interaktibo, at outcomes-based sa wika at panitikan;
   b. Mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro hinggil sa paggamit ng iba't ibang midya sa pagtuturo ng bagong kurikulum ng Filipino sa iba't ibang antas;
   c. Mapataas ang lebel ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo at pagtuturo nito bilang asignatura sa ib'ta ibang antas;
   d. Makatulong sa retooling ng mga guro ng/sa Filipino sa iba't ibang antas;
   e. Makapag-ambag sa pagpapalakas ng intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa akademya, sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mahusay, malikhain, at mapanuring pagtuturo at pananaliksik ng/sa Filipino sa iba't ibang antas at larangan.

3. Ang mga inaasahang dadalo sa seminar-worksyap ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa bawat paaralan sa iba't ibang antas.

4. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kina:

- Dr. David Michael M. San Juan
  Direktor
  Departamento ng Filipino
  Taft Avenue, Lungsod ng Maynila
  Mobile No. 0927-242-1630

* Bb. Marilou Bagona
  Departamento ng Filipino
  De La Salle University
  Taft Avenue, Lungsod ng Maynila
  Telepono (02)524-4611 lokal 509/552

5. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap sa impormasyong ito.

**VIRGINIA C. ZAPANTA, Ed.D., CESO V**
Schools Division Superintendent